# Aktibidad 3. Ang templo



Basahin ang 2 Nephi 5:16 at tingnan kung ano ang matututuhan mo tungkol sa templo ng mga Nephita.

- Sa iyong palagay, bakit napakatindi ng pagsisikap ni Nephi at ng kanyang mga tao na itayo ang templo?
- Sa iyong palagay, bakit iniutos at patuloy na iniuutos ng Panginoon sa Kanyang mga tao na magsakripisyo para sa pagtatayo ng mga templo?

Sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson ang sumusunod tungkol sa layunin at mga pagpapala ng mga templo. Maaari mong panoorin ang video na "Ang Templo at ang Inyong Espirituwal na Pundasyon" mula sa time code na 4:27 to 5:55 o basahin ang pahayag sa ibaba:



Ang templo ang sentro sa pagpapalakas ng ating pananampalataya at espirituwal na katatagan dahil ang Tagapagligtas at ang Kanyang doktrina ang pinakasentro ng templo. Ang lahat ng bagay na itinuturo sa templo, sa pamamagitan ng mga tagubilin at ng Espiritu, ay nakadaragdag sa nauunawaan natin tungkol kay Jesucristo. Ang Kanyang mahahalagang ordenansa ang nagbibigkis sa atin sa Kanya sa pamamagitan ng mga sagradong tipan ng priesthood. Pagkatapos, kapag tinupad natin ang ating mga tipan, pagkakalooban Niya tayo ng Kanyang nagpapagaling at nagpapalakas na kapangyarihan. At, talagang kakailanganin natin ang Kanyang kapangyarihan sa mga darating na araw.

Ipinangako sa atin na "kung [tayo] ay handa [tayo] ay hindi matatakot." Ang pangakong ito ay may matinding implikasyon ngayon. Ipinahayag ng Panginoon na sa kabila ng mahihirap na hamon sa buhay ngayon, ang mga nagtayo ng kanilang pundasyon kay Jesucristo, at natutuhan kung paano gamitin ang Kanyang kapangyarihan, ay hindi kailangang sumuko sa mga hindi pangkaraniwang problema ng panahon ngayon. (Russell M. Nelson, "Ang Templo at ang Inyong Espirituwal na Pundasyon," *Liahona*, Nob. 2021, 93–94)

- Ano ang tumimo sa iyo mula sa pahayag ni Pangulong Nelson?

- Paano makatutulong sa iyo ang pagpunta sa templo upang mas maitayo ang iyong saligan kay Jesucristo? Maaari kang magbahagi ng karanasan kung may maiisip ka.

- Paano nagdulot ng mas malaking kaligayahan ang templo sa iyo o sa kakilala mo?

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD60013873_893_085-teacher_handout-3